Kailangan ko ba ng ID upang makakuha ng LIBRENG BAKUNA sa COVID-19?

The Vaccine Real Talk

Lahat ay mababakunahan. HINDI kailangan na mayroon kang pasegurong pangkalusugan, o na isa kang mamamayan o residente ng Estados Unidos. Hindi mo kailangan ng social security number upang mabakunahan, ngunit maaaring hingin ng mga klinika sa pagbabakuna iyon sa iyo upang maisoli sa kanila ang nagastos para sa mga bakuna.

Kung hindi mo matandaan ang iyong social security number o wala ka nito, maaari mo lang sabihin na "wala" kapag nagtanong sila. Hindi ibinabahagi ng mga klinika sa pagbabakuna ang anumang impormasyon mo sa imigrasyon o sa tagapagpatupad ng batas.

Ang bakuna ay LIBRE para sa lahat. Kung mayroong kang paseguro, maaaring singilin ng mga klinika sa pagpapabakuna ang iyong paseguro upang maibigay ang iniksyon, ngunit hindi ka dapat singilin ng anuman o singilin kinalaunan.

Kailangan mong magdala ng pagkakakilanlan kung saan nakasaad ang iyong pangalan (tulad ng photo ID, utility bill, o liham na nilagdaan ng ibang tao na nagpapatunay na ikaw ang sinasabi mong ikaw).

Mga halimbawa ng ilang uri ng ID na maaari mong gamitin na nandoon ang pangalan mo:

ID na inisyu ng banyagang gobyerno

ID na inisyu ng paaralan

I-94

Wala nang bisa na lisensya sa pagmamaneho o pasaporte

Mga privilege card sa pagmamaneho mula sa ibang bansa



Isang utility bill

Anumang iba pang dokumento na nandoon ang pangalan mo

ID sa bahay na tinutuluyan